
# Pangunahing Plano sa Promosyon ng Multikultural na Pamumuhay sa Fujinokuni

## ■Panahon ng Plano

Piskal na taong 2022~2025（4 na taon）

## ■Layunin ng Plano

Layunin nito na maisakatuparan ang multikultural na pamumuhay sa Shizuoka kung saan ang mga dayuhang residente at mga Hapon ay magkaroon ng pagkakaunawaan at walang sinuman ang maiwanan, makapamuhay nang payapa at maginhawa at maipakita ang kakayahan.



## Hakbang

### 1 Itaguyod ang kamalayan sa multikultural na pamumuhay

- Lumikha ng pagkakataon na magkaroon ng ugnayan ang mga Hapon at dayuhang residente at matutunanan ang kaibahan ng kultura ng bawat isa.
- Paghahatid ng klase sa Nihongo sa lokal na lugar upang mataguyod ang multikultural na pamumuhay.

### 2 Tulong sa pagtataguyod ng komunikasyon

- Palaganapin ang paggamit ng「Pina-simpleng Nihongo」.
- Paglikha ng sistema ng pag-aaral ng Nihongo.
- Paghahatid ng impormasyon sa「Pina-simpleng Nihongo」at iba't ibang wikang banyaga.

### 3 Pagpapatibay ng sistema ng pamamahala sa krisis

- Paghahatid ng impormasyon tungkol sa mga nakakahawang sakit at paghahanda sa sakuna at pagtataguyod ng pagkakataon na matutunan ang wastong paghahanda sa sakuna.
- Pagtataguyod ng sistema ng konsultasyon at pagsulong ng iwas-krimen at kaligtasan sa daan.

### 4 Palawakin ang tulong sa pang-araw araw na pamumuhay

- Pagtataguyod ng sistema ng konsultasyon at pagpapatibay sa pagtutulungan ng mga tanggapan na may kaugnayan sa paghahatid ng tulong.
- Panatag na makakuha ng tulong sa paggamit ng serbisyong pang-medikal, pang-seguro at pang kapakanan.

### 5 Pagtataguyod ng suporta sa edukasyon ng mga dayuhang bata

- Paghikayat sa pagpasok sa paaralan, pagsiguro at pagpapabuti ng sistema ng pagtuturo para maipagpatuloy nila ang pag-aaral.
- Tulong sa pagpili ng pag-aaralan para sa kinabukasan at paghubog sa nais gawing trabaho.

### 6 Pagtaguyod ng partisipasyon sa komunidad

- Pagtaguyod ng partisipasyon sa mga gawain sa komunidad.
- Paglikha ng oportunidad para sa mga dayuhang estudyante at iba pa upang makatulong sa komunidad.

### 7 Pagtaguyod ng pagkakataon na makapagtrabaho

- Pagtaguyod na makapagtrabaho sa isang angkop na kondisyon sa pinagtatrabahuan at magkaroon ng maayos na komunikasyon sa mga katrabaho.
- Pagbutihin ang pagbibigay tulong at serbisyo ng konsultasyon para makakuha ng magandang trabaho.